

1

Nakapatong ang ulo ni CJ sa magkasalikop niyang mga kamay. Para siyang pensyonado sa paraan ng pagkakahiga niya sa kama. Nakapako ang kanyang paningin sa puting kisame dahil ayaw niyang tingnan ang kabuuan ng silid na iyon.

It was so white and so clean. Hindi kababakasan ng dumi o alikabok. Walang nakakalat na maduming medyas o labahin. Hindi dapat ganoon ang hitsura ng silid ng isang beinte-ocho años na binata.

Mas malaki pa ang silid na iyon kumpara sa buong bachelor's pad niya sa Boston. Nami-miss niya ang *carefree existence* niya sa States. Wala lang siyang choice kundi tumira sa Manila kasi napakakomplikado ng buhay niya sa Boston. Damn!

Bumangon siya mula sa pagkakahiga at lumapit sa bintana. Natatanaw niya ang malaking swimming pool. The water was periwinkle blue, and it was inviting. Pero wala siya sa mood na maglunoy sa tubig. Wala siya sa mood na gumamit ng kahit katiting na enerhiya. Gusto niyang mag-isip, pero wala namang matinong isipin na pumapasok sa kukote niya.

Bumalik si CJ sa kama at muling nahiga. Napapikit siya sa sobrang asar dahil sa kawalan ng magawa. Minura niya ang buong mundo. Sinisi niya ito sa kasalukuyang sitwasyon.

Sa mga ganoong pagkakataon, iisa lamang ang kanyang kanlungan. Iisa lamang ang magpapabawas ng kanyang pagkaburo, si Patricia. Hindi pa ito pumapalya na pagaanin ang kanyang loob.

Tumayo siya at pinuntahan ang closet na namumutok sa dami ng laman. Mga damit niya iyon pero hindi siya ang bumili. At kahit pulos branded ang tatak ay hindi niya magawang ma-impress. Napailing siya pagkatapos ay pumorma ang ngisi sa mga labi. *What a waste of money!* Mababayaran na ng buong closet na iyon ang dalawang semesters na tuition fee sa university na pinapasukan niya. Hindi siya komportable na sa edad niyang beinte-ocho ay hindi pa rin siya tapos sa kolehiyo.

Itinuon ni CJ ang atensyon sa gilid ng closet. Naroon ang kanyang long-time steady 'girlfriend,' si Patricia. Maingat niyang kinuha ang luma niyang gitara at kinarga iyon patungo sa malambot na couch. Doon sila magpapalipas ng oras. Muli, sa hindi mabilang na pagkakataon, sasabayan nito kung anumang emosyon ang nararamdaman niya.

Kahit wala pang napili na kanta ay nagsimula na siyang tumipa ng gitara, nag-warm up sila ni Patricia, para sa mahaba-habang tugtugan. Ngunit hindi pa man talaga sila ready ay may narinig siyang katok sa pinto.

“CJ?” Boses iyon ng daddy niya.

“Come in,” walang gana niyang sagot. Kung talagang bored siya, bakit siya magkukunwari na masaya sa harap nito?

Hindi nagtagal ay iniluwa ng pinto si Cirillo Benavidez at pumasok ito sa loob ng kuwarto. He was in his usual business suit, looking all very high and powerful.

“What are you doing here?” nagtataka nitong tanong.

Kumunot ang kanyang noo. For someone so intelligent and wise, his father could sometimes be really daft. Itanong ba kung ano ang ginagawa ni CJ sariling silid? Kung anuman ang ginagawa niya sa silid na iyon, it was none of anybody’s business. Including his father’s, kahit pa pag-aari nito ang bahay.

“I’m playing the guitar,” he stated the obvious. “Why?”

“Didn’t I tell you to go to church?”

Lalong kumunot ang kanyang noo. *Simbahan?*
Ano’ng gagawin ko roon?

“Didn’t I tell you to attend the wedding practice?”
hirit pa nito.

His frown deepened even more. Kung inutusan siya nito, hindi na sana siya nag-isip ng paraan kung paano mawawala ang boredom niya. Kung sinabihan siya nito, hindi sila magde-date ni Patricia.

Malamang nabasa nito ang laman ng isip niya o ng kawalan ng laman niyon. “I told you this morning.”

Wala talaga siyang maalala. The heck! “Oh, yeah! I remember.” Nagtanga-tangahan na lang si CJ. Mas mabuting magkunwari na lang na may sinabi ang ama sa kanya kaysa humaba pa ang debate. “Where am I supposed to go?”

“*St. Peter’s Church.*”

“And what am I supposed to do there again?”

“Meet and mingle with your brother’s friends and tell his fiancée that he will run a bit late because he’s tied up in a meeting.”

“I don’t know those people and I haven’t seen his

fiancée,” katuwiran ng binata.

“Makikilala mo sila kapag ‘andoon ka na.”
Tumalikod na si Mr. Benavidez para lumabas ng pinto.
“Get moving, CJ!”

Napailing siya sa paraan ng pag-utos ng ama. Mabuti na lang at hindi siya lumaki na kasama ito. Baka hindi niya nakayanan ang walang humpay na pagmamando nito. Kung may choice lang siya, babalikan niya ang buhay niya sa Boston.

“I’m sorry, Patricia. I guess we have to cut this date short,” sabi niya sa gitara at hinaplos pa ito nang masuyo.

Sa pinakadulong pew ng *St. Peter’s Church* ay nakaupo si Alexis. Kung titingnan siya mula sa malayo, parang isa siya sa milyon-milyong Katolikong deboto na regular ang pagbisita sa simbahan.

Kung pagmamasdan, para siyang nananalangin para sa kaligtasan ng buong mundo. Para siyang namamanata. Talagang angkop sa simbahan.

Ikakasal na siya, at hinihintay niyang magsidatingan ang mga abay para masimulan na ang wedding rehearsal para sa paglakad nila sa altar.

Imagine, less than five minutes lang maglalakad ang mga ito pero ilang practice ang gagawin.

She found that practice seriously useless. Bakit kailangan nilang sayangin ang mga oras para i-perfect ang paglakad sa aisle? Hindi naman sila ganoon katatanga. Gaano ba kahirap iyon? Maglalakad lang, lahat sila ay kayang gawin ang bagay na iyon. Para saan ang practice?

Kasalanan lahat ni Cyrus, ang kanyang fiancé, kung bakit kinakailangang mag-aksaya ng oras ang ibang tao para maging perpekto ang paglalakad. Cyrus wanted a perfect wedding! He even hired a wedding coordinator! At sinabi ng coordinator na napakahalaga raw na i-practice nila ang wedding march. Iyon na yata ang pinaka-nakakalokang bagay na dapat niyang sundin.

Pero ano ang magagawa ni Alexis? She needed to please her fiancé kahit pa masuka-suka siya sa idea nito. She was a people-pleaser. Parati niyang sagot ay 'yes' kahit ang ibig niyang sabihin ay 'no'. Ayaw niyang may magtampo sa kanya. Hindi niya gusto na may nagagalit sa kanya.

But she knew that accepting Cyrus's engagement proposal was her biggest mistake. Hindi siya sigurado kung ito na ba talaga ang lalaking nararapat sa kanya.

Unang-una, naging boyfriend niya ito dahil sinabi ng mga kaibigan niya na good catch daw ito—successful, goodlooking at sobrang bait. Kahit wala naman siyang gusto sa lalaki, sinagot niya ito. She believed that her friends only wanted the best for her.

Maayos ang naging relasyon nila. Bihirang-bihira ang away sa pagitan nila. Akala ni Cyrus ay sobrang understanding niya. Hindi kasi niya ito sinisita o pinagbabawalan. Ang hindi nito alam, hindi lang siya komportable si Alexis sa anumang klase ng tampuhan o away kaya hinayaan niya ito. Then, he proposed.

Natuwa ang kanyang pamilya at mga kaibigan. Magiging masaya at maganda raw ang buhay niya sa piling ni Cyrus. So once again, she followed their advice. She accepted the proposal.

But as she assessed her feelings, she didn't want to marry him just yet. Maybe someday. Pero sigurado siyang hindi iyon ang tamang panahon para pakasalan niya ang boyfriend.

Gosh! She needed to let that thought out! Kailangan niyang may makausap para mailabas ang nilolob. Pero sino ang makakaintindi ng dilemma ni Alexis? Lahat ng mahal niya sa buhay ay boto kay Cyrus. Baka kapag inilabas niya ang damdamin ay isipin pa ng mga ito na nasisiraan siya ng bait.

But she needed someone to talk to! She needed someone to understand or at the very least, she needed someone to listen.

“Miss?” Isang tinig ang umagaw sa kanyang atensyon. “Are you okay? You’re sweating all over.”

Wala sa loob na binalingan ni Alexis ang pinanggalingan ng boses. Nakatayo sa kanyang tagiliran ang isang lalaki.

Weird! Parang wala sa hitsura nito ang maging concerned. Mukha ngang ang tipo nito ang hindi gagawa ng mabuti. Hindi siya judgmental. Hindi lang kasi talaga maganda ang imahe ng mga lalaking mahahaba ang buhok at naka-ponytail. Bad boy ang dating. Idagdag pa ang pasilip-silip na Chinese character tattoo nito sa kanang braso.

“You look rather pale. I’m heading to a restaurant downtown. Would you want me to bring you food when I come back here? Or medicine perhaps? It seemed to me that you’ll pass out any moment.”

Napanganga siya habang pinakikinggan itong magsalita. Not that she was impressed by how he spoke in English. His accent was completely American.

Na-shock si Alexis dahil sa concern na narinig sa boses nito. Parang ‘a rebel with a cause’, o puwede

ring ‘an artist with a tortured soul’. Maaaring ang tipo nito ang hindi niya basta kinakaibigan. *Goody-two-shoes* ang image niya kung kaya dumidistansya siya sa mga *troublemakers*. Subalit hindi niya maitanggi sa sarili na ang taong kaharap ay misunderstood at mayroon kabaitang taglay. Considering nasa simbahan ito.

“Miss? Food or medicine? What do you want me to get you?”

Think! Think! Think! utos ni Alexis sa sarili. Food or medicine? Hindi niya kailangan ang alinman doon. Hindi siya gutom at wala siyang sakit. Ano ba ang gamot sa sakit sa utak?

Tiningnan niya nang mataman ang lalaki. Mukha namang harmless. Hindi nakakatakot kausapin. And maybe, it was about time she put one of her toes in danger. Sawang-sawa na siyang maging safe. Look where her safety brought her. Mukhang sa pagkasira ng ulo pa siya dadalhin ng kanyang pagiging sheltered and protected.

“Can I go with you?”

Kumunot ang noo ng binata, parang nabigla sa sinabi niya. Sino ba ang hindi mabibigla? After all, nag-offer lang ito na dalhan siya. Wala yata sa

hinagap nito na bigla na lang siyang magdedesisyon na sumama. “Are you sure?”

“Yeah!” she said. Isinukbit niya ang bag sa balikat, sabay tayo. “I need air.”

Luminga-linga ito, tila pinag-aralan ang paligid. Nang ibalik nito sa kanyang mukha ang paningin ay may mapaglarong ngiti na nakapinta sa mga labi nito. “No offense meant but I think this church is well-ventilated.”

“I need fresh air.”

“In Manila? Fresh air is available here?” Seryoso ito sa itinanong.

Kung hindi lang siya magmumukhang tanga, pipiliin ni Alexis ang mapakamot ng ulo dahil sa tinatakbo ng usapan. But as the saying goes, beggars can't be choosers, kailangan niya ng makakausap. By far, ang lalaking ito ang best candidate dahil nagkataong estranghero ito. Hindi ito magiging prejudice kung sakaling magkuwento siya. Hindi nito kakampihan si Cyrus. Ngunit malamang, isipin nitong may sapot siya sa utak.

Saglit siyang nag-isip. Kung plano niyang mag-share ng problema sa lalaking ito, she might as well give him a hint. Para naman hindi ito mabigla. “Listen,

Beloved Stranger - Lorry Virgo

I know we don't know each other, pero kailangan ko ng makakausap. I'm in a situation that I don't think I can handle anymore. I'm afraid I'll go crazy if I keep it to myself any longer."

Blangko ang ekspresyon ng lalaki nang matapos siyang magpaliwanag. Medyo kinakabahan siya dahil baka takbuhan siya nito. Nakaka-panic ang hindi nito pag-imik. Hindi siya maaaring takbuhan ng nag-iisa at tangi niyang tagapakinig. She needed him.

"Please..." Nakiusap na si Alexis. "I'll pay for the food."

Sa wakas ay ngumiti ito. Para tuloy gusto niyang itakip ang palad sa mata dahil nasilaw siya sa pearly white teeth nito. "You seemed desperate."

"I *am* desperate."

"Okay, let's go then." Pumayag na rin ito sa wakas.

2

“I would know, huh?” bubulong-bulong na sabi ni CJ habang pinagagala ang mga mata sa loob ng simbahan. It was his father’s absurd idea to send him into battle without any weapon.

Paano niya malalaman kung sino sa mga taong nasa loob ng simbahan ang girlfriend ni Cyrus? Karamihan sa mga iyon ay nakaluhod at nagdarasal. Iisa-isahin ba niyang tanungin ang mga iyon?

Ayon kay Mr. Benavidez ay wedding practice iyon. Nasaan na ang mga taong dapat nagpa-practice? May dalawang sagot sa tanong na iyon, either napaaga siya o na-late siya. Alinman doon ang sagot, mayroon siyang dalawang options, maghintay o umalis ng simbahan.

Mas appealing ang umalis siya roon. Pero alam niyang dapat siyang manatili sa lugar na iyon.

Pinili niyang maupo sa dulong pew upang makita niya ang lahat ng kaganapan. Wala naman sa plano ni CJ ang magtagal doon. Ang importante, nagpunta siya. At kung magalit ang daddy niya dahil pinairal niya ang pagiging impatient, maikakatuwiran niyang

Beloved Stranger - Lorry Virgo

naghintay siya. In the first place, hindi niya alam kung anong oras ang practice. Nagpunta siya sa simbahan nang inutusan siya. So, hindi niya kasalanan kung hindi niya nakita o wala siyang naabutan sa mga taong nagpa-practice.

May pumitik na idea sa kanyang isip. Slight change of plan! Mag-iikot-ikot na lang muna siya sa labas. He would end up beating himself to death if he sat there and do absolutely nothing. Siguro naman hindi masama kung magliliwaliw siya para magpatay ng oras.

Tumayo si CJ upang sana ay umalis na. Noon niya napansin ang babaeng nakaupo sa kabilang aisle. Una niyang napansin ang magandang mukha nito. Pero habang nagtatagal ay naiintriga na siya. Hindi niya kilala ang babae, pero sigurado siyang may dinadala itong napakabigat na problema. Wala siyang mind-reading talent pero ang isang ito, very obvious ang facial expression. Mukhang pasan ang buong daigdig.

Ipinagpatuloy niya ang panonood sa babae. Na-a-amuse siya sa pagbabago-bago ng facial expression nito. Sisimangot. Matatakot. Sisimangot ulit. Malulungkot pagkatapos ay bubuntong-hininga. Iyon ang pattern ng hitsura nito.

CJ knew for a fact that it was rude to stare, but what could he do? The girl was entertaining. Lalo pa't hindi ito aware na tinitingnan niya ito.

Nagsimulang gumapang ang pagiging tsismoso sa lahat ng ugat ng kanyang katawan. Hindi na niya kayang panoorin lang ito. Kailangan niyang malaman ang problema nito.

Naglakad siya palapit sa puwesto nito. Tumikhim siya nang mahina para subukang kuhanin ang atensyon ng estranghera. Walang epekto! Mukhang nasa ibang dimensyon na ang utak ng estranghera. Muli siyang tumikhim, ngunit nilakasan niya sa ikalawang pagkakataon. Subalit wala pa rin; talagang lutang ito.

Hindi siya kaagad na nagpatalo. At dahil gusto niyang makuha ang pansin ng babae, inanunsyo na niya ang kanyang presence. "Miss, are you okay? You're sweating all over."

Finally! Lumingon ito pero blangko naman ang tingin na ipinukol sa kanya. Wala sa loob na pinag-akyat-baba nito ang mga mata sa kanyang kabuuan. Saglit nitong pinagmasdan ang buhok niya. Bumaba ang mga mata nito sa tattoo sa kanyang kanang braso. Huling pinasadahan ng tingin ang ibabang parte ng kanyang katawan.

Wow! That was rude! Granted na tiningnan niya ito kani-kanina lamang, pero siniguro niyang mukha lang nito ang kanyang tiningan. Samantalang ang babae, itinuring siyang palaka na dina-dissect.

“You look rather pale,” he said to get her to stop looking at him the way she did. Nakaka-conscious kasi. “I’m heading to a restaurant downtown. Would you want me to bring you food when I get back here? Or medicine perhaps? It seemed to me that you’ll pass out any moment.”

Napaawang ang bibig nito, parang na-shock. Malapit na malapit na niyang isipin na ang magandang babae na ito ay walang problema. Isa lang siguro itong baliw, at kung iyon ang kaso, sayang naman.

Isang tingin pa nito na para siyang kumakatay ng tao, iiwan na niya ito. Screw his curiosity.

“May I go with you?” Si CJ naman ang nasorpresa dahil sa isinagot nito. Wala sa offer niya ang isama ito. Nagtanong lang siya kung gusto nito ng gamot o pagkain. Wala sa hinagap niyang bantayan ito. At saka, wala naman sa plano niyang tulungan ito sa kung anumang problema ang dinadala nito. Tsismoso lang siya, hindi pakialamero.

Pinag-aralan niya ang hitsura ng estranghera;

parang nagmamakaawa ang dating. “Are you sure?”

“Yeah,” anito na isinukbit kaagad ang bag sa balikat. Tumayo ito. “I need air.”

Pinaikot niya ang paningin sa loob ng simbahan. May electric fans sa ceiling. May mga bintana at pinto sa magkabilang pader. “No offense meant but I think this church is well-ventilated.” He was beginning to think that the situation was getting out of hand.

“I need fresh air.”

“In Manila? Fresh air is available here?”

Imbis na sumagot ay kinagat nito ang pang-ibabang labi. Obviously, hindi rin ito sigurado kung fresh air ang kailangan nito na kung tutuusin ay hindi sa Manila matatagpuan. Kitang-kita niya ang pag-aalangan sa mukha ng babae. Nagsisimula na siyang magtaka kung bakit parang nababasa niya ang laman ng isip nito.

“Listen, I know we don’t know each other, pero kailangan ko ng makakausap. I’m in a situation that I don’t think I can handle anymore. I’m afraid I’ll go crazy if I keep it to myself any longer.”

Narinig ni CJ ang cliché: be careful what you wish for. Pero hindi siya naging careful sa kanyang

wish. Ginusto niyang malaman ang gumugulo sa utak ng babaeng ito, he got it! But with a price to pay. He had to be her listener. Wala sa plano niyang maging knight in shining armor sa isang damsel in distress. He was just nosy.

“Please...” Nakikiusap na ito. “I’ll pay for the food.”

Hindi na niya naiwasan ang pagngiti. Hindi siguro magiging kalabisan sa kanya kung pakikingan niya ang gustong sabihin ng babae. At saka, kausap lang naman ang kailangan nito. “You seemed desperate.”

“I *am* desperate.”

‘*It doesn’t show,*’ gusto niyang sabihin. “Okay, let’s go then.”

Sinabi ng maganda ngunit may toyo na babae, ito ang magbabayad ng pagkain pero hahayaan ba naman niya iyon? Siya ang lalaki at nakakawala ng respeto sa sarili kung ito ang manlilibre. Pinili niyang magpunta sila sa *McDonald’s*.

Gusto raw nitong kumain sa isang pribadong lugar. Sinabi nitong very crowded ang fastfood restaurant na iyon, pero nagpumilit siyang doon

silang kumain. Unang-una, matagal siyang nanalagi sa America. CJ enjoyed disgusting fatty foods like burgers. Pangalawa, halos isang buwan na siyang nakatira sa hindi kaliitan na bahay ng kanyang ama. Nagsasawa na siya sa healthy diet na inihahanda ng cook sa bahay na iyon. Kaya kapag may pagkakataon, doon talaga siya kumakain sa *McDo* para mapanatili niya ang kanyang *not-so-healthy diet*. Katulad ng mga oras na iyon. He ordered *BigMac*, *Quarter Pounder*, fries and nuggets.

Samantalang ang babae ay kontento na sa apple pie. Na hindi rin naman ginagalaw. Masaya na yata itong panoorin siya sa pagkain. Siguro panahon na para magsimula silang mag-usap dahil mukhang nasa stage of coma na ito.

“Thought you’ll share something?” untag niya.

“Baka mawala ang appetite mo, eh,” anito na hindi matinag sa pagmamasid sa kanya.

“You aren’t going to tell me something disgusting, are you?”

“Hindi naman,” sabi nito. Nangalumbaba pa. Wala ito ni katiting na ideya na nadaganan ng siko nito ang apple pie. Ang nag-iisang order nito.

*She was really in deep sh*t!* Bumabalik na ang

entertainment na kanina ay nararamdaman niya dahil sa kausap.

“I won’t lose my appetite, trust me. But before you start telling me what bothers you, I want to know where I stand. Am I suppose to listen? Or you expect me to butt in?”

“You can do both,” maiksi nitong sagot.

“Okay! The floor is yours.”

“I’m getting married!” walang paligoy-ligoy na umpisa nito.

Sinubukan ni CJ na panatilihin ang blangkong ekspresyon. *Being engaged ang itinuturing nitong situation that she doesn’t think she can handle anymore? Big deal!*

“I’m not sure if I want to marry him.” Tumigil ito sa pagsasalita.

“Listen, woman, I can’t say anything until you give me the whole story. The why’s, the doubts and everything in between. And if it isn’t too much to ask, I need the guy’s side as well. So please be honest. I’m not your jury nor your executioner. I’m a stranger who happened to be at the right place and time when you needed someone to talk to. So try to spare me

the self-righteous spiel and be honest with yourself.”

Hindi niya sigurado kung naintindihan nito ang kanyang sinabi. She might have heard the words but the idea seemed rather dim. Nakatitig lang ito sa kanya.

“Hello?” Pinitik ni CJ ang daliri para ma-realize nitong hindi siya character sa isang telebisyon. “Still with me?”

“Hindi ka ba marunong mag-Tagalog?” Her question was out of nowhere.

“I can, but I don’t. Out of habit,” sabi niya.

“P’wedeng mag-Tagalog ka na lang? Mahirap maglabas ng sama ng loob sa English.”

“Sige, try ko. Now, let’s go back to your so-called woes: you’re getting married and you’re not sure if you want to marry the guy. Why?” Ayun, balik siya sa pagsasalita ng straight English. Mahirap din ang magsalita sa Tagalog lalo pa’t hindi niya nakasanayan na gamitin ang lengguwahe habang nasa America siya.

Tiningnan muna siya nito, tila gusto siyang batukan dahil sa pag-English niya. “Because I’m not sure kung mahal ko siya,” walang ligoy na sagot nito.

“Woman, you’ve accepted to the guy’s proposal. Hindi kaya selfish sa part mo kung magbabago ang isip mo sa puntong ito?”

“Pero sigurado akong hindi ko pa gustong magpakasal.”

“Pre-wedding jitters?”

“Hindi!” Tila naiinis ito. “Pinag-isipan ko nga nang maigi, eh.”

“So why did you agree to marry him?”

“Because everybody thought he is the right person for me,” she announced with a pensive face.

Na-amaze si CJ sa kakayahan nitong baguhin ang mood. How could she be annoyed for a fleeting second then be confused on the next? “So you agreed to marry someone because everybody thought he is the right one? Are you deranged, lady?”

“Now that you mentioned it, maybe I am deranged.” Tumingin ito sa kanya nang mataman. “Do you think I’m deranged?”

Wala na siyang choice kundi matawa sa kausap. This girl was funny. Very entertaining. And the best part of it, she didn’t know she was funny. “Yeah, you’re deranged. Agreeing to spend your life with someone

you barely have feelings for is a crazy idea.”

“Hindi mo naiintindihan!” Ngayon naman ay parang helpless ito. “He is really nice. I really think he is the best for me. Pero hindi ko siya ganoon kamahal. At kung sasabihin ko ang bagay na ito sa mga magulang ko, o sa mga kaibigan ko, ipagpipilitan lang nila na nag-iisa si Cyrus sa mundong ito.”

Natigilan ang binata sa akmang pagsubo ng nugget. May kilala siyang Cyrus na coincidentally ay engaged din. Kumunot ang noo niya. Cyrus? Ang kapatid niya? Diyata’t ang babaeng ito.... Wow! Hindi ganitong klase ng entertainment ang kailangan niya.

“I don’t want to let them down. I don’t want to hurt Cyrus. Pero hindi ko rin naman gustong mag-suffer habang-buhay. This is my life and I get to live it.” Dere-derecho ang pagmo-monologue ng babae, pero hindi na rin nagre-register sa utak niya ang mga sinasabi nito. Paano niya pakikiharapan ang ganoong sitwasyon?

May isang babae na naglalabas ng problema sa kanya. Sinasabi na hindi nito gustong magpakasal sa boyfriend dahil hindi nito sigurado kung mahal nito ang lalaki. But hell! Kapatid niya ang tinutukoy nito!

Ano ang posibleng gawin niya? Tell this girl to

go on with the wedding to spare Cyrus a gigantic humiliation? At what expense? This girl's future? That would be heartless on his part. Pero kung hahayaan naman niyang maguluhan ang babae at ituloy ang pinaplano nitong pagba-back out sa kasal, he betrayed his own brother.

“I've been a good girl all my life!”

Lumipad sa kanyang tainga ang sinabi nito, ngunit hindi na niya narinig ang kasunod niyon. He wasn't a selfish person, pero wala sa plano niyang makialam sa desisyon ng ibang tao.

He had his own life to live. So far, his life hadn't turned out the way he planned it to be. Hindi nga ba't kaya siya umuwi ng Pilipinas dahil nagkanda-leche-leche ang buhay niya sa America?

Una, natanggal si CJ sa trabaho dahil sa global crisis. Iyon ang only source of income niya para mabuhay sa ibang bansa. Nag-iipon pa naman siya para tapusin ang isang semester na kailangan para maka-graduate. Hindi siya makahingi ng financial support sa kanyang mama dahil siya ang naging sanhi ng stroke ng stepfather niya. Hindi niya gustong humingi ng tulong kay Cirillo, pero wala na siyang choice. He was his own father, anyway. He needed to finish his studies, he wanted to get the degree that he

deserved. Sawa na siya sa blue collar jobs. The thing was, life wasn't fair to him.

No! Hindi na niya kailangan pang dagdagan ang problema. Sure, this conversation entertained him, but he didn't know it would also alarm him. Hindi niya alam kung paano pakikibagayan ang balitang iyon. Pero mukhang involved na siya sa sitwasyong iyon.

Being Cyrus's brother. Being this girl's perfect stranger.

“Doomed... Kill...”

Nahagip ng pandinig ni CJ ang ilan sa mga pinagsasabi nito. Muli niyang sinulyapan ang maganda ngunit naguguluhan nitong mukha. Nagsasalita pa rin ang babae, pero hindi malinaw sa kanya ang mga sinasabi nito.

Bakit parang mas nagiging appealing ang hitsura nito sa tuwing tumitingin siya? Too bad he was Cyrus fiancée.

3

“I am doomed,” emotional na sabi ni Alexis. “Kung ipapaalam ko sa buong mundo na ayokong pakasalan si Cyrus, the whole world will kill me. But you know, I think the moment that I realized that I don’t want to go through with the wedding, I’m as good as dead.”

Nang matapos ang litanya ay saka niya naisip na nauuhaw pala siya. Kinuha niya ang disposable cup na naglalaman ng *Coke* at sinimot iyon sa isang sipsip ng straw. To her ultimate surprise, gutom na rin siya. Hinanap niya ang apple pie na alam niyang binili ng binata para sa kanya.

“What are you looking for?” tanong ng kaharap.

“Iyong apple pie,” sagot niya.

“You crashed it already,” anito na tinuro ang kanyang sikong nakapatong sa mesa. Saka niya nakita ang yuping karton ng apple pie. Kumunot ang kanyang noo.

“Ano nga pala ang pangalan mo?”

Hindi kaagad ito sumagot. Nag-isip muna ito. “Does it matter?”

“I think it does,” aniya. “You already know everything about me.”

“I hardly know you,” kontra ng lalaki.

“You know my plan.”

“You don’t have a plan.”

“I’m going to call off the wedding!”

“That’s the plan?” sarkastiko ang boses na tugon nito. “Ano’ng kinalaman ng plano mo sa pangalan ko?”

“Gusto ko lang malaman. Mahirap bang ibigay ang pangalan mo? Wala naman akong masamang gagawin sa iyo,” paniniguro niya. Bigla tuloy siyang na-curious dahil ginagawa nitong issue ang pagpapakilala sa sarili. Hindi niya inalis ang tingin dito. Para silang nagtatagisan ng galing sa pagtitig. Maunang magsalita, talo.

“CJ.” Sumuko ito. “Yours?”

“Alexis.” Parang nanalo sa lotto ang paraan ng kanyang pagkakangiti. “See, hindi mahirap magpakilala, di ba?”

“Maybe.” Nagkibit-balikat ito. “Kung gayon, plano mo talagang umatras sa kasal?”

“Iyon ang nararamdaman ko, eh! Siguro mas magiging malaking pagkakamali kung pakakasalan ko ang fiancé ko.”

“How about postponing it?” suhestyon ng kausap. “Think some more, because the way I see it, you are only having some pre-wedding jitters.”

“No, I’m—”

“Hold that thought.” Pinigil nito ang sasabihin niya.

Out of nowhere ay nag-materialize ang cellphone sa kamay nito. Tiningnan muna nito ang screen bago sumagot. “Hello, Dad... I was there... Didn’t see anybody... Nope... Haven’t met her yet... I’m eating somewhere... I’ll go back there after this... Okay... Listen, Dad, I know we have a deal about this whole thing, but since the event is three weeks away, I want to spend some time in Baguio. Maybe I’ll leave tonight.”

Marami pang nadagdag sa mga sinasabi nito, pero hindi na naintindihan ni Alexis ang mga iyon. May namuong idea sa utak niya at doon na-focus ang kanyang attention. *Baguio? Tonight?*

What if, sumama siya rito? What if, lumayo siya saglit upang mag-isip? Mababago pa siguro ang

desisyon niya. Malamang kung hindi polluted na hangin ang sisinghutin niya, magiging maayos na rin ang takbo ng kanyang isip. Mare-realize niyang mahal pala niya si Cyrus. Siguro pagbalik niya, handang-handa na siyang pakasalan ito. Pero hindi niya masyadong kilala si CJ. Actually, hindi niya talaga ito kilala.

Sinubukan ni Alexis na pag-aralan ang sarili. She wasn't scared to be alone with this man she just met. Actually, sinasabi ng intuition niya na mabait itong tao kahit bad boy ang image. Sa haba ng pag-uusap nila, nalaman niyang may sense itong kausap.

Si CJ ang perfect stranger niya sa puntong iyon ng krisis. Perfect stranger na mayroong perfect location para sa *not-so-perfect* na pagtakas niya sa problema.

Okay! Nakapagdesisyon na si Alexis. Sasama siya rito sa Baguio.

“You were saying...?” Boses ng kasama ang nagpabalik sa kanya sa kasalukuyan. Nakatingin ito sa kanya at nakakunot ang noo.

“P’wede ba akong sumama sa iyo sa Baguio? Mamaya?” derecho niyang tanong. Walang silbi kung magpapaligoy-ligoy siya, saka mas mabuting sabihin na kaagad niya ang bagay na iyon habang mayroon

pa siyang lakas ng loob.

“What?” Napataas ng ilang decibel ang boses nito dahil sa narinig. His cool face suddenly turned shocked.

“Kung hindi mo ako isasama, hahanap pa rin ako ng mapupuntahan,” she said nonchalantly. Hindi iyon blackmail. Sinasabi lang niya ang maaari niyang gawin.

“You’ll find another stranger again?” di-makapaniwalang sabi ng kausap.

“Sure, only a stranger would understand me, anyway.”

Saglit itong nanahimik. Bahagya pa nitong inilapit ang mukha sa kanya. He was looking at her like she just lost a screw. Una, nakakunot ang noo ng lalaki. Pagkatapos ay marahang kumurba ang isang ngiti sa mga labi nito. Parang sasabak sa adventure ang hitsura nito. “Very well then, you’re going with me!”

“Now!” deklara niya. “Let’s go now!”

“As in this very moment?” nabigla nitong tanong.

“Oo! Right now! Baka kasi kapag hinintay pa natin ang gabi, atakihin na ako ng kaduwagan.”

Walang sabi-sabi na tumayo siya at hinila ang kamay ni CJ.

“Dahan-dahan naman!” reklamo nito habang kinakaladkad niya palabas ng *McDonald’s*.

“Hindi puwede! I’m having an adrenaline rush. Kailangan kong i-take advantage.” Nakalabas na sila ng fastfood restaurant. Dere-derecho ang paghila niya rito hanggang marating nila ang kotse ng lalaki.

“Can I take you back to church? I need to go home first. I have to get Patricia.”

“Iyong *dog* mo?”

“Hindi! Iyong *gitara* ko.”

Decisions. Decisions. Baka kapag pumayag siyang maiwan sa simbahan, hindi na siya balikan nito. At saka, in less than an hour ay magdadatingan na sa simbahan ang mga abay. His idea was bad. “Dito mo na lang ako iwanan.”

“Sure?” he hesitated. Tumango si Alexis. “Okay, see you when I get back.” Lumigid ito patungo sa driver side. Kasalukuyan na nitong binubuksan ang pinto nang may maalala siya.

“Wait!” pigil niya sa akmang pagsakay ni CJ. “Dalhin mo iyong susi pero iwan mo na lang iyong

sasakyan.”

Natigilan ito sa puwesto. “What?”

“Mag-taxi ka na lang.”

“Why will I do that? I have a car,” rason nito.

“Baka iwanan mo ako at hindi na balikan.”

“Babalik ako, I swear.”

“Sige na, please, iwan mo na lang itong kotse. Dadalhin mo naman ang susi.”

“I’m hungry,” reklamo ni Alexis habang binabaybay nila ang kahabaan ng Pangasinan. Alas ocho na ng gabi at nararamdaman na niya ang pagkalam ng sikmura.

“Where do you want to eat?” tanong ni CJ na ang mga mata ay nakatutok sa daan.

Ipinukol niya ang paningin sa naka-sideview na binata. With his long hair tightly bunned in a ponytail, maaliwalas ang aura nito. But then, visible na ang Chinese character tattoo sa kanang braso nito.

Umandar ang kanyang curiosity. “Ano ang meaning ng tattoo mo?”

“Hope,” sagot ni CJ na hindi inaalis ang paningin sa daan.

“Bakit hope?”

“My life is full of sh*t, I need to have hope to keep me going.”

“Oh!’ Muntik na niyang masapo ang dibdib sa kaseryosohan ng sagot nito. “You’re a lonely man.”

“Wow! You’re a bright girl!”

Sarkastiko ang dating niyon pero hindi niya sineseryoso. Mukha kasing sanay itong maging straightforward. “Gutom na ako.”

“Kanina pa kita tinatanong, saan mo ba gustong kumain?”

“Bakit ba parang ang init ng ulo mo?” kunwa’y napakalambing niyang sagot. Ayaw naman niyang magbigay ng kaunting hint na nai-intimidate siya sa paraan ng pananalita ng kasama. “Hindi na nga lang ako kakain.”

Ngumiti ito. Hindi nga lang siya sigurado sa ibig sabihin ng ngiting iyon. “Really, where do you want to eat?”

“Ayoko nang kumain.” Ipinagpatuloy ni Alexis

ang kanyang kunwaring sumpong.

“This is the last time I will ask, where do you want to eat?”

“Drive-thru na lang tayo sa *McDo*,” mabilis niyang sagot. Walang threat sa tono ni CJ, pero minabuti niyang maging sweet and charming.

“Now, you’re talking!” Nilingson siya ng lalaki. Heartfelt ang ngiting ibinigay nito sa kanya.

“Ano ba’ng mayroon sa *McDonald’s*? Bakit ba parang excited kang kumain doon?”

“It’s a very boring story,” he declared. “Since there’s no *McDonald’s* in sight, how about we talk about this irrational decision of yours? Why are you doing this?”

“Hindi pa ba clear sa iyo? Kailangan ko munang lumayo sa problema ko. Malay mo, tama ka sa sinabi mo kanina. Malay mo, pre-wedding jitters nga lang itong nararamdaman ko.”

“Then there’s a possibility that you will have a change of heart?”

“Sana.” Nagkibit-balikat si Alexis. “Alam kong buong mundo ang makakalaban ko sakaling umatras ako sa kasal namin ni Cyrus.”

“Speaking of the whole world, what did you tell them? Where did you say you are going?”

“Tinawagan ko ‘yung ate ko. Sabi ko mag-a-out of town ako. At okay lang ako. Mag-iisip lang ako kaya magbabakasyon muna ako at magiging out of reach nang ilang araw. Hindi nila kailangang mag-alala sa akin.”

“Tinawagan mo ‘yung fiancé mo?”

“Hindi ko pa alam ang sasabihin ko sa kanya.”

Napabuntong-hininga ang binata. “Alexis, do you realize how confused and messed-up you are?”

“Oo naman,” sabi niya. “Kung hindi ko alam, sa palagay mo ba ‘andito ako sa tabi mo ngayon, knowing that you are a complete stranger? I’ve been contemplating about the dangers of being alone with you.”

“Good!” Sinulyapan siya ni CJ. “At least, alam ko na kahit paano ay matino ka pa rin. Akala ko lubos-lubos na ang pagkasira ng ulo mo dahil sa pagsama mo sa akin.”

4

Ayon sa wall clock, alas siete pa lang ng umaga. Sanay siyang magising ng ganoong oras, pero sa mga sandaling iyon, gusto niyang ipagpatuloy ang tulog.

Ikatlong araw na ni Alexis sa Baguio. Tumuloy sila sa resthouse na pag-aari ng pamilya ni CJ. Noong unang dalawang araw nila roon, hindi niya masyadong napagkikita ang binata. Kung saan-saan ito nagpupunta at iniwan siya sa loob ng bahay. Gusto sana niyang sumama sa mga lakad nito, ngunit kahit ipilit niya ang sarili ay hindi ito pumapayag.

"You need to be alone and utterly bored to sort things out," palaging litanya nito.

May point ang binata, kaya hindi na niya kinukulit. Pumapayag siya na maiwan na lamang sa malaking bahay na iyon. Pagsapit naman ng gabi ay nandoon na si CJ. Iyon nga lang, kalahating tainga lang nito ang nakikinig dahil pagod ito sa buong araw na paglililiwaliw.

Noong unang araw ay binilhan siya nito ng personal na mga gamit. Nagpumilit siyang bayaran ang nagastos nito, pero tumanggi ang lalaki.

“Alexis...” Katok sa pinto at tawag sa pangalan niya ang nagpabangon sa kanya. “Are you up yet?”

“Oo, gising na ako.”

“Are you decent? May I come in?”

“Sige, pasok ka,” aniya na nagmamadaling tumayo mula sa kama. Iniluwa ng pinto ang fresh face ni CJ. Naka-ponytail na naman ito. As usual, simpleng white t-shirt at khaki shorts ang get-up nito na parang hindi alintana ang ginaw ng Baguio.

“Still in your pyjamas?” he asked as he stood by the door.

“Sarap matulog, eh,” sagot ni Alexis. “Maupo ka muna, I’ll just brush my teeth.”

“Okay, take your time,” sabi nito na nanatiling nakatayo sa pintuan. “Kung gusto mo, mag-shower ka na kasi aalis tayo.”

Na-excite siya sa narinig. Makakawala na rin siya sa hawla. “Buti naman naisipan mong isama ako.”

“Not really,” tugon nitong nanunukso ang ngiti. “May-sakit si Aling Martha. Walang magluluto.”

“Marunong akong magluto! Gusto mo ipagluto kita?”

“That’s an idea,” anito. “Pero wala tayong stocks. Actually, grocery day ngayon.”

“Mamili tayo! Fresh ang mga gulay dito sa Baguio.”

“Take a shower first. We’ll decide later.”

Ipinasya niyang tunguhin ang banyo. Once inside ay parang na-in love na naman siya sa paligid. The moment she stepped inside that house, she realized that CJ’s family was nothing but rich.

Mayroong limang kuwarto sa bahay na iyon. Every room had its own luxurious bathroom. May fireplace sa sala. May recreation room kung saan may bar, pool table at home entertainment system.

Bigla niyang naalala, mayroon din palang resthouse ang pamilya ni Cyrus sa Baguio. Pero hindi pa siya nakakarating doon. Doon daw sila magha-honeymoon kaya ginawa nitong hidden at secret ang resthouse.

Well, hindi sigurado si Alexis kung makikita pa niya ang resthouse na iyon. Dahil hanggang sa mga oras na iyon, hindi pa rin niya gustong pakasalan ang fiancé. Ang romantic atmosphere ng Baguio ang naging rason kung bakit mas naguguluhan siya sa sitwasyon.

Siguro dahil wala talaga siyang romantic feelings para kay Cyrus.

“Hindi ka ba nilalamig?” tanong ni Alexis kay CJ. Nakabalabal na sa kanya ang makapal na kumot, pero nanunuot pa rin ang ginaw sa kanyang kalamnan. Samantalang ang binata ay cool na cool sa t-shirt na suot. Nandoon ito sa sala at komportableng nakaupo sa couch at naggigitara.

“Gusto ko ang weather dito. I liked it this way.” Nagtaas ito ng paningin nang sumagot.

Naupo siya sa carpeted floor. Ayaw niyang manood ng TV para palipasin ang oras. Mukhang walang plano si CJ na umalis ng bahay kaya makikipagkuwentuhan na lang siya rito.

Tapos na silang mananghalian. “CJ,” tawag niya rito para kuhanin ang atensyon nito. Absorbed na ito sa pagtugtog ng gitara.

“Alexis,” panggagaya nito sa paraan ng kanyang pagtawag. Nakayakap pa rin ito sa gitara.

“Bakit hindi ka magkuwento tungkol sa sarili mo?”

Nagtagumpay siya sa pag-agaw ng atensyon nito

mula sa girlfriend na musical instrument. Tumingin ito sa kanya. Iyon nga lang, walang ekspresyon ang mukha nito. Nagtataka siya kung bakit nagagawa nitong tingnan siya nang ganoon nang hindi siya napipikon. Siguro dahil guwapo ito.

Well, he was goodlooking, she had to accept that. Noong una kasi ay hindi niya na-a-appreciate ang hitsura nito dahil para itong bad boy. Pero nang mapagmasdan niya ito nang husto, she changed her mind. Behind that long hair and the permanent scowl was a handsome face. Chinito ang mga mata, matangos ang ilong, reddish ang lips. Sinuwerte pang nabiyayaan ng biloy ang magkabilang pisngi. Whenever he smiled, he looked so cute, manly kind of cute. Whenever he scowled, he looked so hot. So he could go either way and would still look gorgeous.

“Don’t get me wrong, CJ,” malambing niyang sabi. “Hindi ko intensyon na mag-usisa tungkol sa buhay mo. Kaya lang, alam mo na ang lahat ng dapat malaman sa akin. Siguro naman hindi masama kung may malaman ako tungkol sa iyo.”

Unti-unting nag-iba ang ekspresyon ng kausap. “What do you want to know?” tanong nito habang maingat na inilalapag ang gitara sa sofa.

“For starters, tell me something about your

family.”

Ngumiti ito. Iyong klase ng ngiti na naglalaro sa pagitan ng may inililihim at may gustong sabihin. “Masa-shock ka kapag nagkuwento ako ng tungkol sa pamilya ko.”

“Bakit? May plano ka nga bang magkuwento tungkol sa pamilya mo?”

“Sigurado ka bang gusto mong malaman ang kuwento ng pamilya ko?” hirit nito.

Mangani-ngani siyang dumukwang para tawirin ang maliit na espasyong nakapagitan sa kanila ni CJ at batukan ito. Tama bang magpalitan sila ng tanong? Gusto lang naman niya itong mas makilala. Hindi siguro miyembro ng Mafia ang pamilya nito. “Magkuwento ka na lang kasi,” naiirita niyang sabi.

Tiningnan muna siya nito na tila pinag-aaralan siya nang maigi. Mayamaya, kahit napakabagal ay bumuka ang bibig nito. “College sweethearts ang mommy at daddy ko. Nabuntis si Mommy bago pa man sila maka-graduate. Mayaman ang family ni Daddy, middle class ang kay Mommy.”

“Pinaghiwalay sila?” Hindi niya napigilan ang sumabad.

“You could say that,” anang lalaki na tila hindi alintana ang pagiging usisera niya. “But not in the first few years of their marriage, my grams and gramps didn’t succeed; otherwise, there wouldn’t be me.”

“So hindi ikaw ‘yung unang ipinagbuntis?”

“Yeah, nagpakasal naman sila bago manganak si Mommy. So, legal child ‘yung brother ko. But then the marriage came to an end five years after I was born. As I’ve already told you, mayaman ang family ni Daddy. Powerful in a sense, naging madali ang annulment. Hindi pa nagtatagal mula nang mapawalang-bisa ang kanilang kasal, my mother met an American. They fell in love then moved to America.”

“Ano’ng nangyari sa inyong magkapatid?” usisa ni Alexis.

“Hindi ko sure kung ano ang negotiation sa custody namin. But my brother stayed with my dad and I get to live with my mom. So basically, I grew up with another set of family. That made me really dysfunctional. Outsider ako sa bagong family ni Mommy. Outsider din ako kina Daddy at Kuya.”

Natahimik sandali ang dalaga. Kung iyon ang story ng pamilya ni CJ, bakit parang hindi masyadong intriguing tulad ng gusto nitong ipahiwatig? Wala

naman siyang narinig na out of the ordinary mula rito.

Tanggap na sa lipunan ngayon ang broken family. Ano ang mahiwagang part ng pamilya ng lalaki na inaakala nitong magbibigay ng shock sa kanya? “That’s it?” Tumango ito para iparating sa kanya na tapos na ang storytelling.

Muli sana siyang mananahimik nang may pumitik sa utak niya. “Eh, ano ang ginagawa mo dito sa Pilipinas?”

“Magpapakasal ang kuya ko.” Itinuon nito ang buong atensyon sa kanya, animo’y naghihintay ng bayolenteng reaksiyon, na hindi niya masyadong binigyang-pansin.

“Best man ka?”

“If the wedding shall push through, yeah, I’ll be the best man.”

“What do you mean ‘if the wedding shall push through’? Bakit? May problema ba ang relationship nila?” Now Alexis was concerned. Alam niya kung gaano kahirap malagay sa ganoong sitwasyon.

“Apparently, his fiancée is missing,” simpleng tugon ni CJ. Para bang hindi ito concerned sa

sitwasyon ng kapatid. Magtatanong pa sana siya nang biglang mag-register sa mabagal niyang utak ang sinabi nito. Bumilis ang tibok ng puso ng dalaga.

Iisa ang sitwasyon na sinasabi ni CJ sa sitwasyong kinakaharap niya. Nakaramdam siya ng panlalamig. Granted na malamig na talaga, pero nag-triple ang ginaw na nararamdaman niya. Ang ibig ba nitong sabihin ay...?

No! Nanlalaki ang mga mata ni Alexis nang ibaling sa kausap ang paningin. Long-lost brother ni Cyrus ang best man, galing America. Fiancée is missing. Resthouse sa Baguio. Rich family. Coincidence lang ba ang lahat ng iyon?

Hindi siya nagkaroon ng chance na makita ang nakababatang kapatid ng lalaking pakakasalan. Pero alam niyang dumating na iyon mula sa America. Sinabi ni Cyrus na hindi magkasundo ang mga ito. Mayroon daw malaking gap sa pagitan ng magkapatid, kaya hindi nito ipinakilala sa kanya. Makikita raw niya ang binata sa wedding rehearsal.

Saan ba sila unang nagkita ni CJ? Sa simbahan kung saan magpa-practice at kung saan gaganapin ang kasal.

“I see that you are trying to put two and two

together,” cool na sabi nito. “I can confirm your theory. All you have to do is ask.”

Good idea! Ibinuka niya ang bibig. Pero walang lumabas na salita, parang hangin lang ang pinakawalan niya. Ngunit sumagot si CJ, malamang nabasa nito ang kanyang mga labi.

“My name is Cyril Jason Benavidez. I’m Cyrus’s brother.” Para bang nagpapakilala lang ito at walang magiging dating sa kanya ang pangalan nito.

Dinaig pa niya ang nabundol ng isang overspeeding bus. Hindi siya makagalaw. Pero ang dami-daming bagay na tumatakbo sa isip niya. Sa sobrang dami ay hindi na niya alam kung paano magsisimulang magtanong. Masyadong magulo ang sitwasyon at wala siyang ideya kung paano aayusin iyon.

“Sabi ko na sa iyo masa-shock ka,” sabi nito na nagawa pang tumawa.”

Shocked was an understatement. Ano ba ang superlative form niyon? Kung anuman, iyon ang nararamdaman niya sa mga sandaling iyon. Paano nagawa ni Cyril Jason—in short, CJ—na matawa pa sa nangyayari? Bakit parang hindi nito sineseryoso ang sitwasyon?

Insensitive ba ito? Kung umpisa pa lang alam na

nito ang totoo, bakit hindi nito ipinagtapat sa kanya? At saka kapatid nito si Cyrus, bakit hinayaan nitong tumakas siya? And worst, ito pa ang tumulong sa kanya.

Out of nowhere ay nakakuha si Alexis ng energy para tumayo. Kailangan niyang umalis. Kailangan niyang lumayo kay CJ. Malayong-malayo!

“Hey! Don’t walk away!” pigil nito nang magsimula siyang maglakad patungo sa hagdanan.

Lakad-takbo ang ginawa ni Alexis para marating niya kaagad ang silid. Kinuha niya ang mga damit sa closet at inihagis lahat iyon sa kama para iimpake. Pagkatapos ay naghanap siya ng maleta na mapaglalagyan ng damit.

“Shoot!” malakas niyang sabi. Ano ang karapatan niyang iimpake ang mga gamit na si CJ mismo ang bumili? Tinigilan niya ang paghahanap ng maleta. Ibinaling niya ang atensyon sa bag. Ang bag na tanging bitbit niya nang magdesisyon siyang sumama sa lalaki paakyat sa Baguio.

Kaagad niyang isinukbit iyon sa balikat, pagkuwan ay nagmamadali siyang bumaba ng hagdanan. To her ultimate surprise, nasa sala pa rin si CJ at nagigitara. Like nothing dramatic happened a few minutes ago.

Beloved Stranger - Lorry Virgo

Nag-angat ito ng paningin nang maramdaman ang kanyang presensya. “Going somewhere?”

“I’m leaving!” she said with conviction. Nagulat pa siya sa pagbalik ng boses.

“Pag-isipan mo muna, Alexis.” Parang hindi nito sineseryoso ang sitwasyon

“No!” matatag niyang sabi. “I’m really leaving.”

“Are you sure?” he asked coolly.

“Yes, I’m sure! Thanks for everything,” aniya habang naglalakad patungo sa malaking pinto.

“Okay! If that’s what you want. Good luck...”

Hindi na niya narinig ang kasunod na sasabihin nito dahil nakalabas na siya ng bahay. Right then and there ay nakaramdam siya ng ginaw. Nagsimula siyang maglakad palayo sa bahay na iyon. Pero habang tumatagal ay nararamdaman niya ang pagsisisi sa impulsive niyang decision.

Ano ang silbi kung makakalayo siya sa bahay na iyon? Si CJ ba ang tinatakan niya? Si CJ na walang naging papel kundi maging perfect stranger. Hindi naman nito pinakialaman ang desisyon niya. Why did she have to go?

Kung ipagpapatuloy niya ang paglalakad, saan siya pupunta? Hindi naman siya takot mawala. Pero... Darn! Nalilito lang talaga siya. Hindi niya alam ang gagawin. Gusto niyang sisihin ang pagiging impulsive sa lahat ng kamalasan na nangyayari sa kanya.

Tumigil siya sa paglalakad. She had to think. Think hard! Kailangan niyang pagdesisyunan ang susunod niyang hakbang. Saan ba siya pupunta? At ano ang gagawin niya sakaling makahanap siya ng matutuluyan?

Think! Think! Think! utos niya sa utak. Ngunit sa malas ay hindi na nito gustong mag-function. Mukhang nagrebelde na ang brain cells niya dahil sa kanyang excessive demands.

Katulad ng natutuhan niyang gawin sa mga panahong iyon, she made an impulsive decision. Pumihit si Alexis pabalik ng bahay. Mabilis ang bawat hakbang niya. Ayaw niyang magdalawang-isip habang nilulunok ang pride. Nakikini-kinita na niyang pagtatawanan siya ni CJ. Pero ano ang pakialam niya?

Nang marating muli ang resthouse ay hinawakan niya ang doorknob at huminga nang malalim. Narinig niya ang pagsalpok ng isang bagay sa pinto nang buksan niya iyon.

Beloved Stranger - Lorry Virgo

“Ouch!” boses ni CJ. “Damn, Alexis! What have you done? My nose!” Sapo nito ang ilong nang mag-materialize sa kanyang paningin mula sa likod ng pinto. Kasalanan ba niyang mabunggo niya ito? Bakit ba kasi tumambay ito roon? Dapat expected na nitong babalik siya. “Akala ko aalis ka?”

“Nagbago ang isip ko.” Iniwan niya itong nakatayo roon. Tumakbo siya paakyat sa guest room. Doon siya mag-iisip ng susunod na hakbang.